

BUMILI NG NEGOSYO O MAG-UMPISA NG SARILI

Ang magsimula ng negosyo ay mabigat para sa baguhang negosyante. Kung ikaw ay mayroon malawak na kuro-kuro ukol sa negosyo at handang harapin ang mahirap na trabaho, nanaisin mo na ang magtayo ng sariling negosyo. Ngunit kung nais mong maiwasan ang pangkaraniwang hamon sa pag-umpisa ng negosyo, ang isang paraan ay bumili ng nakatayo na, na negosyo o matagumpay na franchise ay mabuting pagpilian.

PAGSIMULA NG SARILING NEGOSYO

Benepisyo

- Kompletong kalayaan sa pagdesinyo at pamamahala ng negosyo ayon sa iyong layunin.
- Hindi nakatali sa utos ng iba, ang nakaraan o ari-arian.
- Pagkakataon na magdala ng bagong i-alok sa pamilihan.
- Maaring mas kaunti ang gastos kaysa bumili ng matagumpay na negosyo.

Pagsusubok

- Maaring maghintay bago magkaroon ng tubo.
- Walang garantiya ang tagumpay sa negosyo at mataas na sukat sa pagbagsak ng bagong negosyo.
- Mas mahirap kumuha ng pang-gasto dahil ang pahiraman ng pera o mga imbester ay ini-isip nila na mapanganib ang iyong minumungkahi.

PAGBILI NG KASALUKUYANG TAYO NA NEGOSYO O PRANKISYA

Benepisyo

- Benepisyo buhat sa trabaho ng kasalukuyang matatag na pangalan, pagbuo ng relasyon sa parokyano, pagbuo ng paraan ng negosyo at magkamit ng ari-arian.
- Makapag-umpisa na kumita ng tubo sa madaling panahon.
- Madaling kumuha ng panggastos dahil sa napatunayan ang modelo ng negosyo.

Pagsusubok

- Ang pasimulang pamumuhunan ay palagian na mataas kaysa kung ikaw ay nagsisimula ng sariling negosyo.
- Maaring ang nakaraan na may-ari at/o ang prankisyang modelo ng negosyo at pamamahala sa negosyo ay hindi kayo magkatugma sa iyong layunin na binalak.